# 1

"That's him, Ivana, that's Aiden Christopher Salazar."

Hindi na kailangang ituro pa kay Ivana ng kaibigan ang binata, makikilala niya ang lalaking iyon kahit saan. Paanong hindi? Aiden Christopher Salazar was the spitting image of his bastard father.

She sneered and found herself striding toward the hall. Pero maagap siyang nahawakan sa braso ng kaibigan. Pinuwersa niya ang sariling ibaling ang tingin dito.

Jax was looking at her worriedly, his chiseled face lined with affection and concern. Pinuwersa niya ang sariling ngumiti.

"Chill, Jax," she drawled, her blood red lips lifting in a sensual smile. "I'm not gonna stab him to death. At least, not in here. Mamaya na lang siguro kapag wala nang masyadong witness."

Tumawa ang lalaki at hinapit siya sa baywang. Nagdikit ang kanilang mga katawan at inilapat niya ang mga palad sa matipuno nitong dibdib. She smiled genuinely at her friend, then focused her stare once again to the group of people mingling with her

grandfather.

Nagsasalita ang lolo niya at matamang nakikinig dito ang mga nakapaligid, kasama na roon ang tiya niya at ang asawa nito. Tumatango ang mga ito sa sinasabi ng nakatatandang Escudero, tanda ng pagsang-ayon sa lahat ng sinasabi ng lalaki.

Mapang-uyam siyang ngumiti. Siyempre tumatango ang mga ito, ano pa ba ang bago? Walang alam gawin ang tiya niya at ang asawa nito kundi sumang-ayon sa kahit na anong sabihin ng kanyang abuelo. If her dear grandfather were to order them to jump, her greedy, spineless relatives would only ask, 'how high?'

She smiled in pure contempt and pushed Jax away.

Tuluyan na siyang humarap sa entrance ng malaking bulwagan.

It was a charity event for a hunger alleviation program. All the big-shot politicians, business moguls, and celebrities in the country were present in that event. Lahat ng mga ito ay nagbayad ng malaking halaga para sa dinner event na iyon na mapupunta sa beneficiaries ng charity program.

Sarkastikong ngumiti si Ivana sa sarili. It was

ironic, really, not to mention extremely hypocritical. Narito sila, nakabihis ng mamahaling damit at nakasuot ng mamahaling alahas para sa mga beneficiary ng program na halos walang makain sa isang araw. Gusto niyang tumawa sa kaipokritahan nilang lahat.

May mapang-uyam na ngiti sa labi, iniwan niya ang kaibigan sa bukana ng hall at naglakad papasok. Walang nagawa ang kaibigan kundi hayaan siya. Alam na alam ni Jax na hindi niya kailangan ng escort. Ivana Graciela Escudero did not need a date to complete her get-up. She was more than enough for herself.

And true enough, all heads turned her way as she strutted inside the grand hall. Muli, gusto niyang tumawa. She flipped her long, silky black hair and people parted like the Red Sea for her. Babae at lalaki ay napahinto sa ginagawa ng mga ito para titigan siya. The women looked at her with a mixture of annoyance, hatred, jealousy and envy. Mas simple ang mga lalaki. Tila gustong punitin ng mga ito ang kanyang ginintuang gown at ipalupot ang mga binti niya sa baywang ng mga ito. She flashed them all a dazzling smile as she strutted in her six-inch stilettos.

Ibinaling niya ang titig sa umpok ng kanyang

mga kamag-anak. Lalong lumapad ang kanyang ngiti. Dear grandfather was glowering at her like he wanted to throttle her and lock her in the attic. Pinigilan niya ang pagtawa nang malakas. Sigurado siyang hindi na niya maririnig ang dulo ng litanya nito tungkol sa damit niya. Kung tutuusin, medyo indecent na nga ang suot niya.

The soft, expensive fabric was like molten gold against her curves. Hakab na hakab niyon ang kanyang katawan at kitang-kita doon kung gaano siya pinagpala ng langit sa dibdib, baywang at balakang. It was halter style with a very low neckline. It dropped to the middle of her toned stomach, showing ample cleavage and skin. It even showed the sides of her full breasts, letting everyone see the perfect curve of her flesh. Hindi rin papatalo ang slit ng damit. Umabot iyon hanggang sa kalahati ng kanyang kanang hita at nilalantad niyon ang kanyang mahahabang binti sa bawat paghakbang niya.

Ngumiti siya nang tingnan nang masama ng abuelo. They should be thankful, really. Dapat nga body paint lang ang itatakip niya sa katawan ngayong gabi, tulad ng ginawa niya noong nakaraang Pasko. Lalo siyang napangiti sa alaala. The Escudero patriarch went ballistic at her and almost slapped her in public because of that. Pero siyempre, hindi nito

itinuloy. Tiyak na 'scandal of the year' ang drama ng pamilya kapag nagkataon. Iyon ang huling bagay na gusto ng kanyang abuelo.

Bilang isang pamilya na galing sa konserbatibo at matandang angkan ng mga pulitiko, may pangalang inaalagaan ang kanyang lolo. Magandang reputation at image ang pinakaiingatan ng Escudero family.

Naging tila asido ang ngiti niya. Habang naglalakad, bumaling ang titig ni Ivana sa dalagang katabi ng kanyang lolo. Nanlaki ang magagandang mata ng babae at tila gusto nitong umurong nang magtama ang mga paningin nila.

She smiled sweetly at her dear cousin Marie—sweet, precious, gentle Marie. Tila anghel ito sa suot nitong cream peach gown. Maluwag na nakatali pataas ang kulot nitong buhok habang may ilang hibla ng nakalugay sa isa nitong balikat. Tila ito prinsesa sa isang matandang alamat—parang iyong maganda at di-makabasag-pinggang prinsesa na hindi marunong magmura o manakit ng iba.

Her lips curled in a sardonic smile. Gusto niyang sampalin ang mala-anghel na mukha ni Marie.

Tila naramdaman ng babae ang kanyang muhi at wala sa loob na napahawak ito sa katabi. Her eyes

flickered to the man beside her cousin. She found herself staring into hypnotic dark eyes.

Ngayong mas malapit na siya rito, mas lalo niyang napagtanto kung gaano kaguwapo ang bastardo.

Aiden Salazar was not the typical eye candy hunk. Matangkad ito, kahit sa taas niyang limang talampakan at walong pulgada, dagdag pa ang six-inch heels niya, sigurado siyang mas matangkad pa rin ito sa kanya. His formal clothes could not hide his well-toned frame. The bastard was blessed with aristocratic bone structure, proclaiming the old and powerful noble blood running in his veins. She wouldn't be surprised if she found out that he was a descendant of those ancient Roman kings. From his broad shoulders to his strong limbs clad in the expensive material of his clothes up to the hard angles of his perfectly sculpted face—everything was screaming of aristocracy, of power and old money as if they were flowing in his f*cking blood streams.

She found herself sneering at the sight of him. Habang nakatitig siya sa mukha nito, lalo niyang nakikita kung gaano nito kamukha ang ama nito. Tila lumabas ang lalaking nasa larawan sa diary ng kanyang ina. Ngayon ay lalo niyang naintindihan kung bakit nahulog nang todo ang loob ng ina sa

ama ng lalaking ito. This bastard was the type of man who could make a woman feel special just by looking at her.

Pinigil niya ang pagnanais na duraan ito sa mukha. Her smile was acerbic as she stopped in front of her family and Aiden.

“Ivana, what in God’s name are you wearing?” Mababa subalit puno ng pagbabanta ang tinig ng kanyang lolo. Matalim itong nakatitig sa kanya at halatang nagpipilit na huwag mapansin ng mga taong nakapaligid sa kanila. Hindi na ito dapat nag-abala. Everyone within a ten-meter radius was already eagerly watching them.

She gave the Escudero patriarch a taunting pout. “Oh, Granddaddy, you should not use God’s name in vain.”

Tila sinilaban ng apoy ang mukha ng abuelo at muntikan na itong humakbang palapit sa kanya ngunit napigilan ito ng tiyuhin.

“Don’t, Papa, she’s not worth it. People are watching.”

Matalim siyang tinitigan ng asawa ng kanyang tiya na para bang dumi siya. She smiled provocatively at her dear uncle.

"Uncle Thomas, how are you? Kumusta ang business sa Isabela? Oh, I forgot! Nagsara na nga pala iyon n'ong isang buwan pa. Dapat kasi kumukuha ka ng may utak na business consultant. Wala talagang mangyayari kapag ganyan, mahina na nga ang utak ng nagpapatakbo, 'tapos mahina pa ang utak ng consultant nito. Ah! I have an idea! Maybe you should get a brain transplant, Uncle. Because obviously, your pea-size brain is the problem here."

"You bitch!" Ito naman ang akmang susunggab sa kanya subalit ang tiyahin niya ang pumigil dito.

"Stop it! People are watching!" her Aunt Stella hissed.

Tinapunan siya ng matalim na titig ng babae. "What are you doing here, Ivana? The last time I checked, you're too busy sleeping with half the country's male population to attend charity functions."

Sa pagkakataong iyon, tumawa na siya. Hindi na niya mapigilan. Ang akala pa naman niya ay talagang aawatin sila ng tiyahin. Iyon pala ay gagatungan lang nito ang apoy.

Napabuntong-hininga siya. Dapat ay itinikom na lamang ng babae ang malaking bibig nito. Dapat natutunan na ngayon ng mga kamag-anak niya na

hindi maaaring pigilin ng apoy ang apoy. Her relatives were just not very smart.

"You are correct," she smiled dazzlingly at her aunt. "I am busy sleeping with more than half of the country's male population, dear Auntie. And you know what I found out? Nalaman ko lang naman na isang matrona ang rumarampa ngayon sa mga gay bars at namumulot ng mga macho dancers. By any chance, may kakilala ka bang Ray Istacion, Aunt Stella?"

Namutla ang mukha ng maganda niyang tiya, sanhi para manlaki ang mga mata ng asawa nito at ng lolo niya. She laughed heartily. Oh, the drama!

"Stella, what is this?" Hinaklit ito sa braso ng asawa nito.

"I…I…" Parang maluluha na ang kanyang tiya.

"Not here." Her grandfather's voice was arctic. Matalim din itong tumitig sa kanya. "We will talk about this later. Ivana, what do you want?"

She pouted in disappointment. Her grandpa's really no fun. Nagsisimula pa lang ang drama ay pinigilan na agad nito. Nasaan ba ang sense of humor ng mga taong ito?

"We're being rude, Granddaddy. Hindi mo ba 'ko ipapakilala sa kasama n'yo?" pagkontrol niya muli sa usapan.

Hinayaan niya ang mga mata na dumako sa lalaking kanina pa niya ramdam na nakatitig sa kanya. Alam niyang hindi nito tinanggal kahit minsan ang mata sa kanya mula noong makalapit siya sa mga ito. Ramdam niya iyon. It was like having an intense spotlight pointed directly at the side of her face.

It felt hot and unnerving. Pinanatili niya ang tigas ng mukha habang nakatitig sa matiim nitong mga mata. Hindi siya ngumiti kahit kaunti. This bastard did not deserve her smile. Not even a fake one.

Aiden Salazar cocked his eyebrow at her, his dark eyes intense and probing as he searched her face. He really had compelling eyes, malalim ang mga iyon at napapalibutan ng maiitim at mahahabang pilikmata. Kahit na sinong babae ay malulunod sa mga matang iyon. She suddenly had an urge to claw those dark eyes out.

Then, his eyes flickered to her lips and his eyes darkened. There was no mistaking the lust in his eyes.

Muntikan na siyang tumawa. Ah, yes, alas, for a moment there, Ivana was beginning to think she was

losing her touch. Pero sa huli ay napagtanto niya na ganoon pa rin ang epekto niya sa karamihan sa mga anak ni Adan. Dahil sa huli, si Aiden Christopher Salazar ay kagaya rin ng ibang lalaki. Kagaya ng ordinaryong lalaki, gusto siya nito sa ilalim nito, walang saplot, nakabuka ang mga hita at inuungol ang pangalan nito.

Gusto niya itong sabuyan ng asido sa mukha.

"Aiden, I deeply apologize that you had to witness this incident." Puno ng pait ang tinig ng matandang Escudero. Wari ay noon lang nito naalala na may kasama silang iba. Kinailangan niyang rendahan ang buong pagkatao para hindi pisikal na manakit ng kahit na sino.

"Aiden, this is my granddaughter, Ivana Graciela, she's the daughter of my eldest child, Alfonso."

Bumaling sa kanya ang abuelo at may banta sa mga mata nito.

"This is Aiden Salazar, his family is an old family friend."

*Family friend?* Pinigil ni Ivana ang panginginig ng laman.

Oh, yes! Family friend! Ang anak ng family friend

na ipinagkasundo sa kanyang mama. Ang anak ng family friend na umiwan sa mama niya sa altar. Ang anak ng family friend na nagpakasal sa iba at naging dahilan ng lahat ng sama ng loob at malas sa buhay ng kanyang tunay na ina. Yes, they were a family friend. She wanted to stab everyone to death and dance amongst their corpses.

"If they're a family friend, how come I've never seen anyone from his family before?" mapang-uyam niyang tanong, wala nang bakas ng mapagpanggap niyang ngiti ang kanyang tinig.

"It's a petty misunderstanding. Parehong gusto ng pamilya natin na ayusin muli ang lahat sa pagitan ng mga pamilya natin." Muli, naroon ang banta sa tinig ng matanda. At naramdaman niya ang panginginig ulit ng laman sa galit.

A petty misunderstanding? A *petty* misunderstanding? She was seriously contemplating murder at those moments.

"We are trying to mend the rift now and let bygones be bygones. At natutuwa kami at ganoon din ang nararamdaman ng pamilya ni Aiden. It's time to let go of the past and start anew." Tumango ang kanyang abuelo sa binata, pagkatapos ay bumaling ang titig nito kay Marie.

Tila may sumuntok sa kanya. Napalipad ang kanyang titig sa kanyang magandang pinsan. Her sweet cousin shrank back at her cutting glare. Bahagya itong lumapit kay Aiden na tila ba nais nitong magtago sa likod ng lalaki.

Her eyes widened with pure hatred and shock. Nanginig ang kanyang mga kamay sa realisasyong biglang sumampal sa kanya.

Her eyes flew murderously at her grandfather. She could not believe what was happening. These son of bitches were thinking of uniting their families through marriage! Pakiramdam niya ay may dumadaloy na apoy sa kanyang mga ugat.

Nanatiling malamig at matigas ang ekspresyon ng kanyang lolo, pinapaalala sa kanya na kagaya niya, ang taong ito ay wala na ring puso. Muli ay tumawa siya.

Nakita niyang naging tensyonado ang katawan ng kanyang mga kasama, naging alerto, nagkaroon ng takot. Her blood red lips curled in a scathing smile.

Dapat lang na matakot ang mga ito. She would not let this go that easily. Bumaling ang titig niya kay Aiden. Tila hindi ito apektado sa mga nakita at narinig. He was still looking at her intensely, as if he

was trying to sort out a puzzle that had many missing pieces. Tumaas ang sulok ng kanyang mga labi. Hindi na nito mabubuo ang puzzle ng pagkatao niya. Hindi na nito mahahanap ang mga nawawalang bahagi dahil hindi lang nawawala ang mga iyon; matagal nang sira.

She sauntered toward him and her relatives' eyes widened.

He cocked a brow at her again and she smiled; she squared her shoulders and allowed her hips to sway naturally. She saw his eyes darken as he watched her. Huminto siya sa harapan nito nang ilang sentimetro na lang ang kanyang layo. Pinanatili niya ang titig sa mga mata nito. The bastard really had compelling eyes. They were deep and dark and for a moment, she wanted to step back in fear of being sucked inside them.

She smiled at him. "Aiden?"

His eyes flickered when she said his name. Tila ba nagustuhan nito ang tunog ng pangalan nito mula sa kanyang bibig. Gusto niyang tumawa nang marahas. Paluluhurin niya ang bastardong ito sa kanyang paanan.

"I apologized for what you saw a moment ago.

My family is just like that sometimes. We can't help but tear at each other's throats, but we're all good." Magaan at mapagbiro ang kanyang tono na tila balewala lang ang lahat ng mga sinabi at inasal niya kanina. Bahagyang tumaas ang kilay ng binata na para bang sinasabing hindi ito naniniwala sa kanya.

Tumawa si Ivana. It was throaty and sensual; the type of laughter she did to make men eat at the palm of her hand. "Okay, so maybe we have issues, but every family has issues. I'm sure you understand that." Binigyan niya ito ng maliit na ngiti at hinayaan ang isang palad na dumantay sa dibdib nito.

She felt his muscles bunch underneath her palm and she almost sneered. Nakita rin niya ang pagpipigil ng kanyang mga kamag-anak sa paligid nila. Sigurado siyang gusto na ng mga itong sabunutan siya at ilayo sa binata. She wanted to laugh out loud. Hah! Tingnan lang niya kung magawa ng mga ito iyon.

"It's nice meeting you, too, Ivana. And yes, it's… interesting."

The sound of his voice brought a jolt in her gut. Nabaling muli rito ang lahat ng kanyang atensyon. His voice was low and silky, like dark chocolate or warm honey. It made her gut clenched uncomfortably, as if electricity was pulsing throughout her veins.

Bahagyang naningkit ang mga mata niya sa binata.

"Well, I'm sure Aiden understands," biglang singit ng kanyang Aunt Stella. "Ah, Aiden, the band's playing a great song. Marie! You should show Aiden how great you dance!"

Halos iduldol na ng kanyang tiyahin ang anak nito sa pagtulak nito kay Marie sa binata. Garapal nitong tinabig ang kamay niyang nakadantay sa dibdib ng lalaki at idinikit dito ang kanyang pinsan.

Muntik na siyang tumawa. One of these days, she would teach her aunt about the art of subtlety.

Napilitan ang binata na alisin ang titig sa kanya at ibinaling kay Marie. Nahihiyang itinaas ng kanyang pinsan ang mukha nito sa binata. Napakainosente at napakaganda ng dalaga habang nakatitig ito sa lalaki. Sa suot nitong peach cream gown, wari ay naglalabas ito ng sarili nitong liwanag. Para itong anghel. Bigla ay gusto niyang punitin ang damit ng babae.

Hinayaan niyang tumaas ang sulok ng kanyang mapupulang labi. "Go ahead, Aiden, Marie is a great dancer." Ivana smiled, letting the natural sultriness of her voice flow through.

Bumalik ang mga mata ng binata sa kanya at

tinitigan siya nang ilang segundo. Pagkatapos, tumaas ang sulok ng labi nito sa isang ngiti. Sa loob ng ilang sandali, nanatili siyang gulat na nakatitig lamang dito na para bang tinubuan ito ng pakpak at halo.

Aiden's smile was not sexual or lusftful. On the contrary, it was genuinely warm and friendly; the type of smile people give to their friends and family. It was the type of smile people give to people they care about…

Kaunting tao lang ang nagbibigay sa kanya ng ganoong ngiti.

Iniwas nito ang tingin sa kanya at bumaling sa kanyang pinsan. Marahan din itong ngumiti sa babae.

Pakiramdam ni Ivana ay may asidong kumalat sa kanyang sikmura. Bumaon ang mga kuko niya sa kanyang palad at naging tuwid na tuwid ang likod. She kept her smile on her painted lips.

"Shall we?" untag ng binata sa kanyang pinsan.

Ngumiti ang babae at tila lumiwanag ang buong paligid. Giniya ito ng binata patungo sa dance floor. Tila nagkabuhol ang kanyang sikmura habang pinapanood ang dalawa.

"You can never be like that, Ivana." Mapang-

uyam ang tinig ng tiyahin sa kanyang tabi. “You may be able to seduce him and get him into your bed but that’s as far as you can go. In the end, men will leave you for women like my daughter.”

Bumaling ang kanyang mga mata sa tiyahin at nakakaloko siyang tumawa. Talagang hindi ito matalino. “I will take that as a compliment. I’d rather not be shackled with marriage if I would only turn into pathetic nitwits like you and Marie. Mas gugustuhin kong maging ganito kaysa umabot sa punto na magbabayad ako ng lalaki para lang ikama ako. So how’s Ray Istacion, Auntie? Balita ko mahal ang talent fee ni Ray, ah. Doon mo ba inubos ang pondo ng branch natin sa Isabela?”

Muling namutla ang babae nang maalala nitong may bala pa nga pala ang kanyang baril para rito.

Marahas itong hinagilap sa braso ng asawa nito. “Stella!”

“I… I…” Hindi ito makapagsalita.

Tinalikuran na niya ang mga ito at naglakad palayo. Ngunit maagap siyang pinigilan ng kanyang abuelo. “Stop whatever you’re planning on doing, Ivana. Do not make me lose my temper.”

Matamis siyang ngumiti sa matanda at tinapik ito

sa balikat. "You won't lose your temper, Granddaddy, trust me. Masyado kang duwag para gawin 'yon." Hinila niya ang  braso at malalaki ang mga hakbang na nagtungo sa dance floor.

Narinig niya ang marahas ngunit pigil na pagtawag ng matandang Escudero sa pangalan niya, pero hindi na niya ito pinansin. She was out for blood. Humagilap siya ng isang lalaki mula sa umpok ng mga kalalakihan at hinila ito patungong dance floor.

Nagsipulan at naghiyawan ang mga kasamahan nitong lalaki nang mapagtanto kung sino siya. She flashed them all her one-thousand-watt smile. Hinagilap ng kanyang mga mata ang isang mukha sa dagat ng mga tao.

She saw Jax flirting with a pretty girl near the entrance. Matiim niya itong tinitigan at ginamit ang kanilang telekinetic bond para tingnan siya nito. At ilang segundo lang at nagtaas ito ng tingin at nagtama ang kanilang mga mata.

Gusto niyang tumawa. Obviously, wala silang telekinetic bond, pero sa kung anong dahilan, nararamdaman nila ang isa't isa kapag kailangan nila. She winked at her partner in crime. Ngumisi ito at tumango. Alam nito na oras na para ipatupad ang kanilang plano.

Masuyo siyang ngumiti sa kasama. Typical itong mayamang binata—matangkad, maganda ang katawan at guwapo. Sa madaling salita, walang espesyal dito at puwede itong palitan ng kahit na sino sa loob ng hall na iyon.

"Wanna dance, bad boy?" Dinantay niya ang palad sa dibdib nito at ipinalupot ang mga daliri sa lapel ng designer's suit nito.

Ngumisi ito at hinapit siya sa baywang. "Sure, Beautiful."

She smiled and pulled him with her to the dance floor. The first lines of '*Have You Ever Really Loved A Woman?*' floated in the air. Lumapad ang kanyang ngiti.

Obviously, napuntahan na ni Jax ang banda at nakumbinsi ang mga ito na slow ballad ang tugtugin. Marahang hinila ni Ivana ang mga palad ng lalaki at inilapat ang mga iyon sa kanyang baywang at balakang. Pagkatapos ay pinadausdos niya pataas ang kanyang mga palad papunta sa balikat nito. Nakita niyang napalunok ang lalaki sa kanyang ginawa.

Her lips turned up in a seductive smile as she wrapped her slender arms around the man's neck. Sa bandang gilid niya, ramdam niya ang matiim na

titig sa kanya ng isang pares ng mga mata.

Pumalupot ang kanyang mga daliri sa buhok ng kasayaw at lalo niyang inilapat ang malambot na dibdib dito. Narinig niyang napahugot ito ng hangin at humigpit ang hawak sa kanyang baywang at balakang. They moved to the music slowly, their tightly pressed bodies swaying intimately. Pumikit siya at hinayaang lumapat nang husto ang kanyang katawan sa lalaki.

At this angle, she knew he could clearly see her cleavage and a big part of her breasts. Alam din niya ang hitsura nila. She was arching against this man, her high full breasts thrust up to his hard chest, her everything pressed against him tightly. Kilala niya ang mga kalahi ni Adan para malaman kung ano ang epekto rito ng ganitong eksena. She knew most men watching her right now were sporting a painful hard-on. And she was sure most men were definitely watching her right now.

Sa isiping iyon, marahan siyang nagmulat. Natagpuan niya ang sariling nakatitig sa isang pares ng matiim na mga mata.

Aiden's stare made her stomach clench in an exhilarating need. The lust was blatant in his dark eyes and try as she might, she could not stop the low

burning heat from spreading between her legs.

May sinabi ang kasayaw nitong si Marie rito, pero tila hindi iyon narinig ng lalaki. All his attention was focused on her.

Kinagat niya ang pang-ibabang labi at ipinalupot lalo ang mga braso sa kasayaw. Nakita niya ang pagkislap ng kung anong apoy sa mga mata ni Aiden. His jaw tensed as he watched her press her lips gently to the her partner's neck. Marahan siyang ngumiti nang makitang dumilim ang mukha nito nang umangat ang kamay ng kanyang kasayaw at pumalupot sa nakalugay niyang buhok.

They stayed like that, staring intensely at each other as they danced with somebody else. Aiden's eyes followed her every move, scowling when she recklessly dragged her fingers across her partner's body.

"You're so beautiful."

Napakurap siya nang marinig iyon mula sa kasayaw. Halos nakalimutan na niya ito sa kabila ng katotohanang nakalapat ang katawan niya rito. Napataas siya ng tingin sa lalaki.

"What?" Napakurap ulit siya.

The guy was nervously staring at her. Wala na ang ngisi sa mga labi nito, wala na ang puno ng kumpiyansang lalaki na hinila niya kanina. The man in front of her now looked like a boy who was about to ask his first crush for a dance. Nagtaas ito ng tingin sa kanyang mga mata at bigla itong napangiwi.

"Damn, I'm such a dork. I'm turning you off, ain't I?"

Napakunot siya at sandaling nakalimutan si Aiden na matama pa ring nakatitig sa kanya. Umungol ang kaharap dahil sa frustration.

"Damn, I'm really making a fool of myself here. I… you're just so beautiful, I can't believe you're dancing with me."

May kung ano sa tono ng tinig nito na nagpainit sa kanyang mga pisngi. Sanay siyang makarinig ng mga papuri mula sa mga lalaking gusto siyang ikama, pero iba ang kaso sa lalaking ito. This guy was genuinely shy and surprised that she was with him.

"Ang totoo, bago lang ako rito. I came from Quezon, actually. I'm just here for a vacation. All my cousins were talking about you since you came and I was so surprised when you grabbed me to dance with you. I wanted to look all confident and preppy

but now my knees are shaking. F*ck, I'm blabbering, am I not?"

Tumawa si Ivana; hindi niya mapigilan. Kung umaarte ang binatang ito para lang makuha ang atensyon niya, puwes, nagtagumpay ito.

"Yes, you are blabbering," ngiti niya.

Muli itong umungol. "You're just so beautiful and wonderful."

There was something about the innocent and honest way he said those words that made her stomach turn. 'Beautiful' and 'wonderful', in the truest sense of those words, were not the most appropriate terms to describe her.

Bigla ay parang may mariing humawak sa kanyang sikmura habang nakatitig siya sa tapat nitong mga mata. Parang may sumampal sa kanya. Ano ba itong ginagawa niya?

"Is something wrong?" Puno ng pag-aalala ang tono ng kaharap at lalong nanikip ang kanyang sikmura.

F*ck, what was she doing? This was an innocent guy. Hindi ito kagaya ng mga bastardong pinaglalaruan niya. This was a f*cking *decent* guy who was actually

nervous and shaking while dancing with her. At hindi sa nagmamalaki siya, pero kita niyang attracted sa kanya ang binatang ito. At heto siya at sinasamantala iyon. Sa mga ganitong pagkakataon ay tunay niyang napagtatanto kung gaano siya kagaya ng kanyang mga kamag-anak. Just like her relatives, she was heartless, corrupt and vile to the core.

Pinuwersa niya ang sariling ngumiti sa binata. "I'm okay, thank you. What's your name?"

Masigla itong ngumiti na parang batang binigyan ng regalo. Her chest ached at his childlike expression.

"I'm Brian Santos. I know, it's such an ordinary name, right? I bet makakalimutan mo 'yon pagkatapos ng limang minuto."

Hindi niya napigilan ang pagtawa. Oh, God. She was really going to burn in hell. Kilala niya ang ganitong tipo ng tao. Ito iyong tipo ng tao na pinapatawa at pinapasaya ang mga tao sa paligid nito.

Kahit mahirap at masakit, ngumiti siya sa masaya nitong mukha. "It's really nice meeting you, Brian, but I think I need to sit down for a moment. My heels are killing me.

"Oh." Kaagad bumakas ang pag-aalala sa mga

mata ng binata para isang estrangherong kagaya niya. Muli, napagtanto niya kung ganno kalaki ang kanilang pinagkaiba. "Okay, let's get you to sit down."

Magalang siya nitong hinawakan sa braso at iginiya palayo ng dance floor.

Ayaw man ni Ivana, napalingon siya sa binatang alam niyang nakatitig pa rin sa kanya. Nakatayo pa rin ito kasama si Marie. Nakatiim-bagang ito at may di-mabasang ekspresyon sa mga mata habang matamang nakatitig sa kanila ng kanyang kasama.

Mapait siyang ngumiti. This was really stupid. Iniwas niya ang tingin dito. Hinayaan niya si Brian na igiya siya papunta sa mesa ng mga kaibigan nito. Pero pagdating doon ay magalang siyang nagpaalam na magpapahangin siya sandali. Lumungkot ang mukha ng binata, pero tuluyan na niya itong iniwan. She couldn't afford to mess with nice people like him. Dumerecho siya sa teresa ng hall.

Nasa pinakamataas na palapag ang bulwagan at may infinity pool sa labas niyon. Ilang metro din ang layo ng infinity pool mula sa porch at bahagyang madilim sa parteng iyon ng rooftop.

Naglakad siya palapit doon. She stared at the glimmering water. Bahagyang tumatama sa tubig ang

mga ilaw mula sa loob ng bulwagan at nagsasayaw ang mga iyon sa malinaw na tubig. Tila nilulunod ng tubig ang mga ilaw sa ilalim nito. Naisip ni Ivana, kaya rin kayang lunurin ng tubig ang mga emosyon ng tao?

In a surge of pure impulsiveness, she kicked off her stilettos and dived into the placid water. Gusto niyang tumawa nang bumulusok siya sa malamig na tubig.

God, masisiraan na siya ng bait! Her head broke the surface and her arms started slicing through the frigid water. She kicked and sliced through the fluid furiously. Naramdaman niya ang pagdaloy ng luha at marahas niyang pinahid iyon.

"You're going to catch a cold swimming like that."

Marahas siyang napalingon sa pinanggalingan ng boses. Mabilis ang kanyang paghinga at matalim ang titig sa lalaki. Aiden was standing at the edge of the pool near her. The bastard was basking under the moonlight as he stood there, his chiseled profile prominent even in the dim lighting.

Tinalikuran niya ito at hindi pinansin. Lumangoy siya papunta sa side ng pool malapit sa kung saan niya iniwan ang kanyang sapatos. Umahon siya

roon nang hindi ito nililingon. Pero nang akmang pupulutin na niya ang sapatos ay naroon na rin ang binata at nakatayo sa kanyang harapan.

She gritted her teeth and kept her eyes looking past his shoulder. "What do you want?"

Imbis na sagutin siya, hinawakan nito ang kanyang pisngi at muntik na siyang mapaigtad. Marahas na lumipad ang tingin niya sa mga mata ng binata. His eyes were like pools of endless chasm underneath the pale moonlight. They were soft and gentle, as if willing her to get lost in their depths.

"You're crying." Marahang hinaplos ng mga daliri nito ang kanyang pisngi at sinundan ang mga bakas ng kanyang luha.

Naramdaman niya ang pagkulo ng dugo. How dare he act gentle toward her! How dare he point out her tears!

"Don't touch me! Get away from me!" Marahas niya itong itinulak. Tinalikuran niya ito, pero maagap siya nitong nahawakan sa braso. Mabilis siyang pumiglas. "I said don't touch me!"

Ngunit imbis na sundin siya, pilit nitong isinuot sa kanya ang jacket ng suit nito. "You're going to catch a cold, Ivana. Come on, I'll drive you home—"

Gusto niya itong kalmutin sa mukha. "Ano ba sa "'wag mo 'kong hawakan' at 'lumayo ka sa 'kin' ang hindi mo maintindihan?"

"The part where you're crying and shivering in cold!" Marahas nitong hinila ang harapan ng jacket para ibalabal ng tuluyan sa kanya.

Tumawa siya nang mapait. Oh, God. This was so f*cking laughable. Dear sweet Aiden was actually worrying about her. Or maybe he was just feeling sorry for her. F*ck him! Sisiguraduhin niyang pagsisisihan nito iyon.

Inipon niya ang lakas at pinahid ang luha. Ang huling bagay na kailangan niya ay maging mabait ito sa kanya. Marahan na ang paghinga, inilapat niya ang mga palad sa dibdib nito at itinaas ang mukha rito. Up close like this, with his dark eyes full of concern for her, Ivana could close her eyes and pretend that she was just some nice pretty socialite who was lucky to have Aiden's attention on her. Mapait siyang ngumiti sa sarili. She would never be like that. There was nothing nice and lucky about her.

Pinalamlam niya ang mga mata habang nakatitig sa binata pagkatapos ay pinagapang niya ang mga kamay paakyat sa balikat nito. Naging tensyonado ang kalamnan ng lalaki dahil sa kanyang ginawa.

"Ivana…"

Sapat ang paos nitong tinig para malaman niya kung ano ang epekto ng kanyang haplos sa lalaki. Hinayaan niyang umawang ang kanyang mapupulang labi habang inilalapat ang basang katawan sa matipuno nitong bulto.

"Ivana—"

"Shh…" Tumingkayad siya para ilapit ang mga labi sa labi nito. Pinadaan niya ang mga daliri sa malambot nitong buhok at narinig niya ang marahas nitong paghugot ng hangin.

His eyes darkened with lust as she pulled him closer to her. Tumaas ang sulok ng mga labi niya. Biting her lower lip, she pressed herself tighter against his body. A low growl escaped his throat. Kusang sumilid din sa gilid ng kanyang katawan ang mga braso nito upang yakapin siya nang mahigpit.

"Ivana…"

Bahagya siyang nanginig nang lumapat ang mainit nitong kamay sa kanyang likod. Tumatagos sa basa at manipis na tela ng kanyang gown ang init ng katawan nito. Hinayaan niya ang sariling dumaing at lalong ilapat ang malambot na katawan dito.

"Ivana…" His voice was strained; his body taut and hard against her soft flesh.

Her lips curled when she felt his arousal pressing against her stomach. She rolled her hips and he growled. Dumako ang kamay nito sa kanyang pang-upo at dinama iyon.

"You're toying with me…" He pulled her closer, his fingers digging into her ass cheeks, pressing her tighter against his impressive bulge. She bit her lip hard as liquid heat seeped between her thighs. She smiled and parted her legs.

Lumabas ang isa sa mga hita niya sa mataas na slit ng kanyang gown dahil doon. His hands automatically gripped her bare thigh. She shuddered at the feel of his big warm hand against her cold skin. Dumausdos ang palad nito sa kanyang hita paakyat sa kanyang pang-upo. His big hand slid inside her gown to feel her ass. Marahas itong napamura nang mapagtantong wala siyang suot na panloob sa ilalim niyon.

Gusto niyang tumawa nang malakas. That was her cue. Playtime was over. Oras na para itulak ang lalaki at maglakad palayo.

Pero bago pa niya magawa iyon ay marahas

nitong hinaklit ang kanyang hita at ikinawit sa balakang nito.

Napasinghap siya sa gulat. Hinila nito ang isa pa niyang binti at ipinalupot sa baywang nito. Wala siyang pagpipilian kundi yumakap sa leeg nito para hindi mabuwal.

"Aiden! What are you—"

His hard mouth stopped her words. One of his hands gripped her hair to keep her mouth firmly pressed against his while the other was molding her ass, pressing her tightly against his hardness.

She went dizzy as his tongue explored her mouth. He tasted faintly of wine and mint and her favorite strawberries. She found herself wanting to get as much taste of him as she could. She wrapped her legs tighter around him and pulled him closer toward her. She opened her mouth wider for him, allowing her tongue to mate with his. Umungol ito sa kanyang bibig.

Hinayaan niyang bumaon ang mga daliri sa likod ng lalaki habang ang isang kamay niya ay nakasabunot sa buhok nito. Naramdaman niyang gumagalaw sila, pero masyado siyang abala sa lasa at pakiramdam nito sa kanya. Pagkatapos ay naramdaman niya ang

paglapat ng likod sa malambot na bagay. Gumapang ang labi nito sa kanyang panga at nagawa niyang imulat sandali ang mga mata. Nakahiga siya sa isang chaise sa tabi ng pool, sa likod ng matataas na halaman, tago sa paningin ng mga tao sa loob ng hall.

Mariin siyang pumikit at pilit inipon ang kanyang kontrol. Kailangan na niyang itigil ito. Hindi ito ang kanyang plano. Akmang itutulak niya ang binata subalit sinakop ng isa nitong kamay ang kanyang dibdib. She cried out as his rough palm kneaded her naked flesh. He squeezed the heavy globe roughly as his mouth found her lips again. Her moans were lost in his mouth.

Isang boses sa likod ng utak niya ang sumisigaw sa kanya. It screamed at her that she had been taking self-defense classes precisely for moments like this! She had been taking self-defense classes with Jax since she was fourteen. She was not some helpless chick who could easily be taken advantage of by some horny male. She was a f*cking owner of six dans in *taekwando*, *jiu-jitsu* and *judo*. Iyon ang tuluyang gumising sa kanya. It made her realize that despite her self-defense classes, here she was, still f*cking *helpless*.

Bumaon lalo ang mga daliri niya sa buhok ng

lalaki at naging marahas ang kanyang halik. He growled.

Pinagapang niya pababa ang kanyang kamay sa tiyan ng binata at hinila ang polo nito pataas. He groaned when she slid her hand inside his polo. Pagkatapos, kinagat niya ang pang-ibabang labi nito at kinalmot ang matipuno nitong dibdib.

"F*ck," he hissed against her lips.

Marahas niya itong itinulak palayo. Hilo itong napaurong. She swung her legs gracefully to one side of the chaise and she stood up. She flung her wet hair to her back and arranged her equally wet gown. Taas-noo at walang lingon siyang naglakad palayo sa binata.

"Ivana!" Pumalupot ang mga daliri nito sa kanyang braso, pero pumalupot din ang mga daliri niya sa pupulsuhan nito at pinihit iyon.

"F*ck!" Mabilis siya nitong nabitawan. Hinigilap niya ang lalaki sa kuwelyo at marahas na hinila palapit sa kanya. His dark eyes were stormy as he stared back at her.

Tumaas ang sulok ng kanyang mga labi. She would never let herself get lost in those stormy eyes again.

Muli siyang tumingkayad at inilapat ang mga labi sa mga labi nito. He automatically wrapped his arms around her and kissed her back. She let her tongue entwine with his and allowed his lips to suck hers hungrily. Then, she pushed him away again.

Parehong marahas ang kanilang paghinga nang maghiwalay ang kanilang mga labi. Nagmulat siya ng mga mata at nakitang matiim itong nakatitig sa kanya. He looked conflicted. His dark eyes were clouded with pure lust, anger and confusion.

She smiled. Anger and lust, she could handle. She had been dealing with them all her life. She pecked him on the lips once more.

"See you around, big boy." Marahas niya itong itinulak at muling tumalikod at naglakad palayo. She kept her head held high as she sauntered back to the hall.

Sa pagkakataong ito, hindi na siya hinabol ng binata.